

GABAY SA PAG-AARAL:

Maligayang Bati sa Aming mga Homeland (mga Bayang Sinilangan)

BUOD

Ninang magbigay ng Maligayang Bati sa Canada video ng introduksyon sa napakaraming values at mga pananaw ng mga Indigenous na tao habang binibigyang-diin ang ilan sa maraming mga komplikadong makasaysayang pangyayari na humugis sa ating bansa at relasyon ng mga táong Indigenous at hindi Indigenous sa isa't-isa.

Pagkatapos panoorin ang video, sana'y nanaisin mong magkaroon ng karagdagang kaalaman tungkol sa mga Indigenous na tao sa Canada. Ayon sa pampatnubay na video study guide na ito ay magbibigay ng karagdagang impormasyon, links na matitingnan, at terminolohiya upang tulungan kang mas mabatid ang mga Indigenous na tao sa Canada. Sana'y gagamitin mo ang guide na ito bilang simula para pa mapag-aralan ito.

Paano ba inilalarawan ng Canada ang mga Indigenous na tao? Ayon sa Seksyon 35 (2) ng Canadian Constitution Act, 1982, ang mga Aboriginal na tao ay binubuo ng "Indian," Inuit, at mga Métis na tao sa Canada.

Ang salitang "Indian" ay itinuturing na nakakainsultong kolonyal na salita. Mas mainam din ang salitang **Indigenous** kaysa sa Aboriginal kapag pinag-uusapan ang mga Indigenous na tao sa Canada.

Ang **First Nations** ay ang salitang ginagamit para sa mga táong Indigenous at hindi nag-a-identify bilang Inuit o Métis.

- en.wikipedia.org/wiki/Indigenous_peoples_in_Canada

Ang **Inuit** ay isang grupo ng mga Indigenous na táong nakatira sa 53 komunidad sa loob ng Arctic regions ng Canada, Greenland, at Alaska. Ang Inuit ay dating tinatawag na "Eskimos," pero ang salitang ito ay bastos at hindi dapat gamitin.

- en.wikipedia.org/w/Inuit

Ang **Métis** ay galing sa salitang Pranses na ang ibig sabihin ay "maghalo." Sila'y isang naiibang Indigenous na grupo at ang kanilang mga ninuno ay halong lahi ng First Nations at Europeans. Ang kanilang mga inapo ay tinatawag dating "half-breeds;" ang salitang ito ay hindi na ginagamit at itinuturing na nakakainsulto.

- en.wikipedia.org/wiki/M%C3%A9tis_in_Canada

SA VIDEO

Noong 2016, may 1,673,785 na Indigenous na tao sa Canada; sila'y kumakatawan sa 4.9% ng buong populasyon. Ngayon ay may mga 634 iba't-ibang First Nations sa Canada, at humigit-kumulang sa 60 iba't-ibang grupo ng mga salita; sila'y naninirahan sa buong Canada, sa mga tradisyunal na teritoryo at sa mga lungsod.

- en.wikipedia.org/wiki/First_Nations

Ipinakilala at binati ka sa video ng anim na Indigenous na kinatawan mula sa buong Canada. May makukuha kang karagdagang impormasyon tungkol sa mga Indigenous na táong ito gamit ang sumusunod na links:

GWAYEE (BRITISH COLUMBIA - FIRST NATIONS)

- kingcome.ca
- youtube.com/watch?v=0CIB00xJkiY

INUVIK (NORTHWEST TERRITORIES - INUIT)

- inuvik.ca/en/index.asp
- en.wikipedia.org/wiki/Indigenous_peoples_in_Northern_Canada

PENTICTON (BRITISH COLUMBIA - FIRST NATIONS)

- syilx.org/about-us/syilx-nation
- pib.ca

SIX NATIONS (ONTARIO)

- sdevcorp.ca/history-of-six-nations
- en.wikipedia.org/wiki/Six_Nations_of_the_Grand_River

UNAMA'KI (CAPE BRETON, NOVA SCOTIA)

- cbu.ca/indigenous-affairs/mikmaq-resource-centre/mikmaq-resource-guide/historical-overview

ÎLE-A-LA CROSSE, (SASKATCHEWAN – MÉTIS)

- en.wikipedia.org/wiki/%C3%8EÎle-%C3%A0-la-Crosse

Kung pinanood mo ang video na ito sa Canada, mayroon ka pang matututunan tungkol sa First Nations sa iyong komunidad o rehiyon. Maaari kang mag-google search upang malaman kung nasaang Indigenous territory ang iyong town o city, at tingnan ang ibang links.

Ang mga Indigenous na tao ay may naiibang values at oral traditions. Ang oral histories at mga kuwento ay mahalaga upang mintinahin ang Indigenous na identidad at kultura. Kadalasan ay tungkol ng partikular

na tao sa loob ng bawat komunidad na alagaan nang husto ang oral history at memoryahin ito. Pinapasa-pasa ng mga Indigenous na tao ang values at mga kasaysayan mula sa isang henerasyon patungo sa iba sa pamamagitan ng oral storytelling. Ang mga Indigenous na kultura ay nagbibigay din ng mga kuwento at kasaysayan gamit ang mga symbolic na bagay at visual na wika tulad ng mga inukit na totem poles at mga poste ng bahay.

Ang bawat Indigenous na kultura, komunidad, at kahit na pamilya ay mayroong kani-kanyang sariling makasaysayan at tradisyunal na mga kuwento, mga kanta, o mga sayaw. Ang iba't-ibang mga kultura ay may iba't-ibang mga patakaran tungkol sa pagmamay-ari. Ang ilang mga kanta, mga pangalan, mga simbolo, o mga sayaw ay pagmamay-ari ng ilang mga tao o mga pamilya at hindi sila maaaring gamitin, sabihin sa iba, sayawin, o awitin nang walang permiso.

MGA MAHALAGANG PANGYAYARI

Ang kasaysayan ng relasyon ng mga Indigenous na tao at mga hindi Indigenous na tao sa Canada ay komplikado at inimpluwensiyahan ng kolonisasyon, mga makasaysayang pangyayari, mga batas, at ng rasismo. Hinugis ng mga pangyayaring ito ang mga kasalukuyang issue na nararamdaman pa rin ngayon ng mga Indigenous na tao. Gayunman, may mga iba't-ibang mga inisyatibo na kasalukuyang ginagawa sa Canada upang pahusayin at tugunan ang mga kamaliang ginawa sa nakaraan.

Susubukan ng huling seksyon ng study guide na magbigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa ilang mga mahalagang pangyayari sa nakaraan na naka-highlight sa video.

KOLONISASYON

- en.wikipedia.org/wiki/History_of_Canada

Bago dumating ang Europeans, ang North America ay dating okupado ng mga Indigenous na táong naninirahan at masaganang namumuhay sa kanilang sariling naiibang kultura, wika, at mga kaalaman. Mahigit nang 10,000 taon naninirahan ang mga Indigenous na tao sa lugar na tinatawag na ngayong Canada.

Ang British at French (ang dalawang founding nations daw ng Canada) ay naglabanan para makontrola ang North America, na sa tingin nila ay mayaman sa raw materials. Noong dumating ang Europeans sa North America, itinuring nila ito bilang "nobody's land" ("walang may-ari sa lupa"). Ipinasunod ng Europeans ang kanilang mga sariling cultural values, relihiyon, at mga batas, at gumawa sila ng mga patakaran na pabor sa kanila; mayroon pa ngang naniniwala na ang mga Indigenous na tao ay hindi man "mga tao".

Dahil dito, ang European values at mga paniniwala ang siyang pumasok sa mga Institusyon at mga patakaran sa Canada sa anyo ng systemic at institusyonal na diskriminasyon at bias. Ang karamihan ng trabaho ngayon ay para iwasto ang mga kamailan ng nakaraan at maisaayos ang mga konsekwensiya ng diskriminasyon at prejudice.

ANG INDIAN ACT, 1876

- en.wikipedia.org/wiki/Indian_Act

Ang Indian Act ay isang pederal na batas na nagpapahayag kung paano maaaring magpalakad ang Indigenous Reserves at Bands, at inilalarawan nito kung sino ang maaaring makilala bilang isang "Indian." Ang Indian Act ay isa pa dating pagsusubok na asimilahin ang mga First Nations na tao sa lipunan ng Europeans sa lalong madaling panahon. Sakop ng Act ang maraming iba't-ibang mga aspeto tulad ng kung paano nakukuha o nawawala ang 'Indian' status, kung ano ang legal na status ng mga kababaihan, enfranchisement, atbp. Ang Indian Act ay may bisa pa rin ngayon at ito'y isang mapanghamong batas para sa mga Indigenous na tao.

Reserves: Nang dumating at nag-settle ang Europeans, pinag-awayan ng mga First Nations na tao at ng Europeans ang kung sino ang mangongontrola sa mga lupa at resources na ito, at ang mga First Nations na tao ay inilagay sa maliliit na pirasong lupa na tinatawag na reserves. Maraming First Nations ang patuloy na naninirahan sa maliliit na reserves na kinokontrola pa rin ng pamahalaan. Ito'y malaking sanhi ng alitan sa pagitan ng mga Indigenous na tao at ng pamahalaan.

RESIDENTIAL SCHOOLS

- en.wikipedia.org/wiki/Canadian_Indian_residential_school_system

Ang isa sa pinakanakakalungkot na pamana ng Indian Act ay ang sapolitang pagpasok sa residential schools. Mayroon dating 140 Indian Residential Schools na pinondohan ng pederal na pamahalaan at na pinamahalaan ng mga simbahan. Mahigit sa 150,000 Indigenous na bata ang pinuwersang pumasok sa mga ito. Ninais asimilahan ng pamahalaan ang mga Indigenous na tao sa Euro-Canadian society.

Ang Indigenous na mga bata ay kinuha mula sa kanilang mga magulang at mga pamilya at pinuwersang kalimutan ang kanilang mga wika, mga ispiritwal na paniniwala, at mga kulturang gawi. Noong Hunyo 11, 2008, pormal na humingi ng patawad ang Pamahalaan ng Canada mula sa mga survivors sa residential school. Mahahanap mo ang kopya ng patawad na inihatid ng Prime Minister sa sumusunod na link:

- rcaanc-cirnac.gc.ca/eng/1100100015644/1571589171655

MGA PINATAY AT NAWAWALANG INDIGENOUS NA KABABAIHAN AT MGA BATANG BABAE

- mmiwg-ffada.ca/final-report

Noong Setyembre 2016 ay inilunsad ng Pamahalaan ng Canada ang National Inquiry into Murdered and Missing Indigenous Women and Girls (MMIWG). Ang MMIWG ay tumutukoy sa isang krisis ng mga karapatang pantao dahil sa mga nawawala at mga pinatay na Indigenous na kababaihan sa pagitan ng 1980 at 2012. Ayon sa mga grupo ng Indigenous na kababaihan, mahigit sa 4,000 ang mga nawawala at pinatay. Dahil marami na ang nakakaalam tungkol dito, dumami nang husto ang suporta para sa mga Indigenous na pamilya at mga komunidad, at nagkaisa ang mga tao sa iisang layunin na makakuha ng katarungan.

PAGTATAG NG ISANG MAS MAGANDANG KINABUKASAN

TRUTH AND RECONCILIATION COMMISSION (TRC)

- cbc.ca/news/politics/truth-and-reconciliation-94-calls-toaction-1.3362258

Itinatag ng pederal na pamahalaan ang Truth and Reconciliation Commission (TRC) noong 2008 upang iksaminin ang naging legacy ng residential schools. Ang naging mandato ng TRC ay ang ipunin, idokumento, at ipagdiwang ang mga karanasan ng 80,000 survivors ng residential school system sa Canada, upang makapagsimulang mag-heal ang survivors mula sa trauma ng kanilang mga naranasan.

Noong 2015, inilabas ng Truth and Reconciliation Commission ang kanyang final report at inilathala nito ang 94 Calls to Action, na nag-uudyok sa lahat ng antas ng pamahalaan na magtulung-tulungan upang baguhin ang mga patakaran at mga programa nang pagsikapang ng lahat na ayusin ang pinsalang dinulot ng residential schools at masimulan na ang reconciliation.

Ang trabaho ng TRC ay hindi lamang ang pagdodokumento ng isang napakahirap na bahagi ng kasaysayan ng Canada; naniniwala ito na ang

pagsabi ng katotohanan tungkol sa Indigenous at hindi Indigenous na kasaysayan ay nagbibigay sa atin ng mas mabuting simula para makapagtatag ng mas mabuting kinabukasan. Ito ang simula ng isang bagong uri ng pag-asa.

Maraming mga stereotype at mga problema ang nangyayari kapag hindi alam ng mga tao ang katotohanan, o anumang impormasyon tungkol sa mga Indigenous na tao. Hinihikayat ka naming humanap ng impormasyon: basahin ang TRC "Calls to Action," magpunta sa isang Friendship Centre; magbasa ng mga libro na isinulat ng mga Indigenous na manunulat; kumuha ng klase tungkol sa mga Indigenous na tao, gumawa ng grupo sa loob ng iyong work team upang pag-usapan ang mga Indigenous na issue, lumahok sa events tulad ng Walk for Reconciliation at National Indigenous Day activities sa buong Canada.

Kailangan tayo magtulung-tulungan at magbigay-suporta sa isa't-isa upang gumawa ng lugar kung saan ang lahat ng mga tao ay minamahalaga at isinasali. Ang reconciliation ay isang napaka-personal na biyahe at ito'y isang biyahe kung saan ang lahat ng Canadians ay dapat lumahok.